



Ano ang pinagkaiba sa pagitan ng **BOOSTER NA DOSIS** at **IKA-3 DOSIS** ?

BOOSTER NA DOSIS

Maaaring pumili ang mga kwalipikadong indibidwal kung aling bakuna ang tatanggapin nila bilang booster na dosis. Maaaring makuha ng mga tao ang uri ng bakunang orihinal nilang natanggap o maaari silang pumili ng ibang booster. Pinahihintulutan na ng mga rekomendasyon ng CDC ang uri ng pagbibigay ng magkakaibang dosis na ito para sa mga booster na dosis.

Pfizer at Moderna



Available ang mga booster na dosis ng Bakuna sa COVID-19 para sa mga tumanggap ng bakuna na nakumpleto ang kanilang inisyal na serye nang hindi bababa sa 6 na buwan na ang nakalipas at na 18 taong gulang pataas.

Johnson & Johnson



Available ang mga booster na dosis ng Bakuna sa COVID-19 para sa mga tumanggap ng bakuna na nakatanggap ng bakuna ng Johnson & Johnson nang hindi bababa sa 2 buwan na ang nakalipas at may edad na 18 taon pataas.

IKA-3 DOSIS karagdagang dosis para sa mahihina ang immune system



Inirerekomenda ang ika-3 dosis para sa mga indibidwal na katamtaman hanggang malubha ang pagkahina ng immune system - na ang inisyal na serye ng pagpapabakuna ay isang seryeng may 2 dosis (Pfizer o Moderna) - para mapalakas ang pagtugon ng kanilang imunidad sa bakuna. Maaaring ibigay ang booster na dosis anim na buwan matapos maibigay ang ika-3 dosis.

Kumuha ng higit pang detalye tungkol sa booster na bakuna at ikatlong dosis gamit ang QR code sa ibaba:



Para sa higit pang impormasyon sa kung saan makakahanap ng bakuna sa COVID-19, bisitahin ang [COVIDVaccineFacts.com](https://www.COVIDVaccineFacts.com) o i-click ang QR code:



Humanap ng Bakuna sa COVID-19: Mayroong sapat na supply ng mga bakuna sa buong Orange County at maraming paraan para makahanap ng appointment na maginhawa sa iyo. Bisitahin ang iyong lokal na botika o provider ng pangangalagang pangkalusugan, o pumunta online sa [Vaccines.gov](https://www.Vaccines.gov), [MyTurn.ca.gov](https://www.MyTurn.ca.gov) o sa [Othena.com](https://www.Othena.com), para magpaikedyul ng appointment sa pagpapabakuna.